

PAMPUBLIKONG PAHAYAG

Setyembre 24, 2020

Hinihikayat ng Lungsod ng Long Beach ang mga Residente na Magsanay sa Paghahanda sa Sakuna

Ang mga Mapagkukunan ay Makikita sa Website ng Lungsod

Bilang isang lungsod sa isang rehiyon na matinding nasalanta ng COVID-19 pandemya, mga sunog at mga kamakailang lindol, nais paalalahanan ng Lungsod ng Long Beach ang mga residente sa kahalagahan ng paghahanda sa sakuna at pagpapalano ng emerhensiya.

Ang Lungsod ay nag-aalok ng maraming mapagkukunan paghahanda sa kanilang [website](#), kabilang ang isang [gabay sa pagpapalano ng emerhensiya](#) at mga tip upang bumuo ng isang [plano sa komunikasyon ng pamilya](#).

Hinihikayat ang mga residente na maging handa ng hanggang sa pitong araw sa pamamagitan ng paggawa at pagsasanay ng isang plano sa emerhensiya at pag-aaral ng mga kasanayan sa pagliligtas ng buhay tulad ng pangunahing mga pamamaraang pang-emerhensiyang medikal, CPR at iba pang mga diskarte sa pangunang lunas.

Ang bawat residente ay dapat magbalot ng isang 'go bag' upang maging handa na lumikas kung kinakailangan. Ang isang hiwalay na bag para sa bawat miyembro ng sambahayan ay dapat maglaman ng mga mahahalagang bagay na kinakailangan upang mapanatili ang isang tao na ligtas at komportable para sa mga sumusunod na oras at araw; ang mga bag ay dapat itago sa mga lugar na madaling ma-access.

Ang mga residente ay hinihikayat ding mag sign-up para sa [Alert Long Beach](#) upang makatanggap ng mga abiso sa emerhensiya mula sa Lungsod kung sakaling magkaroon ng sakuna.

Ang Setyembre ay Buwan ng Paghahanda sa Bansa at kahit na ang taunang READY Long Beach Community Preparedness Expo ay nakansela dahil sa COVID-19 pandemya, ang Lungsod ay patuloy na nakatuon sa mga estratehiya sa pagiging handa sa sakuna. Tulad ng naturan, ang Long Beach Disaster Preparedness and Emergency Communication Department ay makikipagtagpo sa kanilang mga kasosyong

organisasyon ng komunidad, kabilang ang American Red Cross, mga ospital at mga distrito ng eskuwela upang talakayin ang tugon sa pandemya at simulan ang mga estratehiya para sa paparating na mga bagyo sa taglamig.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19.

Mga katanungan sa media na nauugnay sa paghahanda sa sakuna ay maaaring idirekta kay Reginald Harrison, Direktor, Disaster Preparedness and Emergency Communications, (562) 570-9450, Reginald.Harrison@longbeach.gov

###